*CPMA 2010 - Maikling Kuwento - 2nd Prize*
*“Toxic”*
*By: Rodriguez, Rommel B.*

# TOXIC

Biglang sumakit ang ngipin ko nang may nakagat akong matigas na butil sa nginunguya kong kanin. Tumakbo ako sa lababo at nagmumog. Humarap ako sa salamin at sinilip ang ngiping nabiyak. Sakto, wasak na ang gitna ng isa kong ngipin sa hulihan, sa ibabang bahagi. Matagal na pala itong nabubulok. Kinuha ko ang aking toothbrush. Naglagay ako ng toothpaste na parang bulkang sumabog dahil sa madiin na pagpisil. Dahan-dahan akong nagsipilyo kahit alam na huli na ang lahat para isalba ang ngipin. Halatang malapit na itong mamaalam sa aking katawan.

“Masakit ba?” tanong sa akin ni Beth.

“Kumikirot pa.”

“Naku, huwag mo nang kutkutin, lalo lang maiimpeksyon ‘yan. Pumunta ka na lang sa dentist as soon as possible.”

“E may lakad ako ngayon. Bukas na lang siguro,” may sumamang dugo sa aking pagmumog na mabilis hinigop ng butas ng lababo.

“Hu, ang sabihin mo, takot ka lang pumunta sa dentista,” tukso ni Beth.

Hindi siya nagkakamali, takot talaga akong pumunta ng dentista. Kahit magpatingin sa doktor ay bihira kong gawin. Ang dahilan ko, mas lalo lang akong mapa-praning kapag nalaman ko na may mali at problema sa anumang bahagi ng aking katawan. Pero nang mapansin kong unti-unti nang nauubos ang ngipin ko, ang paalala sa akin ni Beth, kapag tumanda na raw ako at walang ngipin na natira, mahihirapan akong kumain at matunawan.

May pinagmulan ang takot ko sa mga doktor, ang nangyari sa aking tatay.

Bagong graduate ako ng hayskul nang mamatay ang tatay ko dahil sa kanser sa atay. Nasa metastasis stage na, na ang ibig sabihin, sumama na sa dugo ang sakit. Kalat na ang kanser sa kanyang katawan nang matuklasan namin ito. Pati baga niya, tinamaan na rin. Sabi ng mga doktor, kapag nasa ganitong level na ang sakit, hindi na ito magagamot. Wala pa sa one percent ang nakakarecover, ang nabubuhay nang matagal-tagal na panahon, sabi nila sa akin nu'n. Halos wala na palang natitira sa kanyang atay. Sa ospital, sumuka at dumumi siya ng dugo. Lumobo ang kanyang tiyan na puno ng tubig. Namanas ang kanyang mukha at umimpis naman ang kanyang mga binti't hita.

Mahirap mag-alaga ng isang taong maysakit. Nakakayanan lang ito ng mga taong may malasakit sa kanya. Masuwerte ang tatay ko, hindi siya pinabayaan ng aking nanay. Para siyang bumalik sa pagkabata; paunti nang paunti ang kaya niyang gawin, kuwento ni nanay nang minsang dumalaw ako. Sinusuotan na siya ng diaper tulad ng bagong silang na sanggol. Binigyan ng taning ang buhay ng tatay ko, limang buwan, sabi ng kanyang doktor.

Minsan, bigla na lang siyang magigising dahil sa sakit ng katawan. Namimilipit siya sa sakit ng tiyan. Nagkaroon siya ng iba't ibang delusyon. Tanggalin daw namin ang alambreng nakatali sa kanyang leeg. Kung minsan tatawagin niya ang pangalan ng kanyang ng mga kapatid na yumao na rin. May panahong mapapasigaw siya at itsurang takot na takot. O kaya, pinagagalitan niya ang isang taong hindi namin kilala kung sino. Umuungol siya ng mga salita na siya lang ang nakakaunawa. Lango sa gamot at panaginip ang kanyang isip. Halatang pagod na ang kanyang katawan. Alam din naman ito ng tatay. Kapag mahinahon ang kanyang pakiramdam dahil sa morphine, binubulungan niya kami ng mga salita ng pag-aalala at pagmamahal. Huwag mong

kalimutan ang nanay mo, magpakabait kayong lahat, sasabihin niya sa mga taong nakapaligid sa kanya. Kapag kami lang ang magkasama, sasabihin niya, Dave, ikaw lang ang pag-asa ko para magkaroon ng apo.

Dahil nag-iisa nila akong anak.

Nabigyan ng pitong buwan na ekstensyon ang kanyang buhay. Saksi ang aming pamilya sa huling hugot niya ng hininga. Dalawang bagay pala ang naiisip ng taong saksi sa kamatayan: una, kung mabubuhay siya nang matagal at pangalawa, kung sa paanong paraan siya mamamatay. Doon nagsimula ang trauma ko. Kapag pumupunta ako ng ospital para bumisita sa kamag-anak o kaibigan na naka-confine, lagi akong nahihilo. Pinagpapawisan ako ng malamig. Nasusuka ako sa amoy ng disinfectant na ipinupunas nila sa paligid. Hindi nito masapawan ang amoy ng kamatayan.

Ang nanay ko, buhay at malakas pa. Seventy five years old na siya ngayon. Tinanong ko siya dati kung ano ang sekreto niya sa pagkakaroon ng mahabang buhay. Mayroon akong anting-anting, sabi niya. Hindi niya daw pwedeng ipakita kasi mawawalan ito ng bisa. Alam kong binibiro lang ako ng nanay ko. Pero minsan, gusto kong isipin na totoong may agimat siya. At kung sakali, gusto ko ‘yun hingin o hiramin man lamang para masiguro ko na tatagal ang aking buhay.

Muntik na akong mamatay noong bata ako, sabi niya. Nahulog ako sa balon at ang ama mo ang nagligtas sa akin. Paborito niya itong ikuwento sa lahat ng aming kamag-anak hanggang sa huling lamay ng libing ni tatay. Kundi daw dahil sa aking tatay, maaga siyang mawawala sa mundo. Natagpuan nila ang pag-ibig sa bingit ng kamatayan.

“Patingin nga mahal,” sinilip ni Beth ang aking bibig. “Yuck, bulok na siya Dave,” pandidiri ni Beth na may halong simpatya sa ngipin kong malapit nang mamatay.

Mas matanda ako ng limang taon kay Beth pero aminado akong mas mature siyang mag-isip kaysa sa akin. Nakilala ko siya sa isang eksibit ng mga babaeng pintor. Isa siya sa mga nagmount ng art work. Ako naman naimbitahan lang na dumalo ng isang kaibigan na kakilala niya rin pala. Mabilis kaming nakapagpalagayan ng loob ni Beth. Bagong break-up pa lang ako nu’n kaya rin siguro ako mabilis na na-inlove sa kanya.

Tumigil si Beth sa pagkilatis ng aking bibig nang naramdaman niyang gumalaw ang kanyang sinapupunan. Kinuha niya ang aking kamay at ipinatong ito sa kanyang tiyan.

“Gising na si Vida,” sabi niya sabay ngiti. Vida ang gustong ipangalan ni Beth sa aming magiging anak dahil positibo daw ang kahulugan nito. Vida, ibig sabihin, buhay, dagdag pa niya.

Itinapat ko ang aking tainga sa tiyan ni Beth. Sinubukan kong pakinggan ang anumang tunog na nililikha ng aming magiging anak. Sabi ng iba kong kaibigan, maganda na magparinig ng musika sa mga buntis. Yung iba nga daw, itinatapat ang headset sa tiyan ng nanay para direkta itong marinig ng baby. Mas magandang patugtugin ‘yung mga classical music nina Mozart at Bach, sabi ng iba. Naku, kundiman ang iparinig mo para may sense of nationalism agad si Vida, kontra naman ng ilan. Mga kanta ni Yoyoy Villame ang napag-aliwang pakinggan ni Beth. Para masaya siya paglabas, dahilan niya.

Aksidenteng anak si Vida. Hindi namin siya plinano pero hindi rin kami nagsisi. Nang malaman namin ni Beth na buntis siya, agad kaming nagpakasal. Marami ang

nabigla. Marami ang nagtanong kung seryoso daw ba kami sa isa't isa. Hindi daw namin kailangan magpakasal kung para lang sa bata. Pero naging matatag ang paninindigan namin ni Beth na ituloy ang kasal.

Civil wedding ang aming napagdesisyunan. Bukod sa mas mura, hindi na kailangan ng matagal at magarbong paghahanda. Kailangan lang na pumunta sa dalawang seminar ang pares na nag-aapply ng marriage certificate sa city hall. Para sa mga edad bente uno pababa, required ang unang seminar. Pasok si Beth sa age requirement. Kailangan ko ring sumama.

Kami ang huling pares na dumating sa seminar. Halos mapuno ang maliit na kuwarto dahil sa dami ng dumalo. Pumasok ang isang babae na nagpakilala bilang guidance counselor. Binigyan niya ang bawat isa ng folder na naglalalaman ng isang questionnaire. Please answer all the questions, sabi niya. Matapos ipamahagi ang folder, mabilis siyang lumabas ng kuwarto at iniwan kami na nakalutang sa ere. Binuksan namin ito, mga gabay na tanong sa maagang pag-aasawa, bungad sa amin ng papel. May bente na tanong at multiple choice ang sagot.

Seryoso at tahimik ang bawat isa sa pagsagot. Para kaming naging magkakaklase sa isang subject habang nag-eexam, natatakot na baka bumagsak. May nakita pa akong nagko-kopyahan ng sagot. Lumipas ang halos trenta minutos, bumalik ang counselor. I would like you to share your answers with your partner, sabi niya. Nagulat ang ibang pares. May napahagikgik at natawa. Kami naman ni Beth, natuwa sa ideya na ibahagi ang sagot sa isa't isa. Matapos ang sharing, bumalik ang counselor at binigyan ang bawat isa sa amin ng certificate dahil sa pagdalo.

Tungkol sa family planning ang pangalawang seminar. Pumasok ang magbibigay ng workshop na mas mukhang pastor ng isang sekta kaysa speaker ng family planning. I do this seminar for free, wala akong bayad dito, bungad niya sa amin. Kung hindi pa kayo tiyak sa inyong mapapang-asawa, huwag na kayong tumuloy, unless meron kayong two hundred thousand pesos para sa proseso ng annulment, dagdag pa niya.

Nang itinuturo na niya ang paggamit ng condom, nagpakita siya ng mga visual aids na pang-kinder. Ginamit niyang halimbawa ng ari ng babae ang isang gumamela at kanyon naman para sa ari ng lalaki. E sir, nasaan ang bala? tanong ng isang participant. Aba, kayo ang maglalagay niyan, kapag sa akin nanggaling, baka maging magkakamukha pa ang mga anak ninyo, sagot niya. Tawanan. Kaya pala free dahil puro green jokes ang itinuturo, mga sexist na green jokes pa, protesta ni Beth. Kinukurot ako ni Beth kapag natatawa ako sa biro ng speaker. Ang lakas-lakas ng tawa mo, parang wala ng bukas, banat niya sa akin.

Binigyan ulit kami ng certificate pagkatapos ng seminar. Kasama sa mga isinumiteng papeles ang dalawang sertipiko bilang patunay na handa na naming suungin ang buhay mag-asawa at pagiging magulang. Natuloy ang kasal pero nauna ang reception dahil na-late ang judge sa pagdating. Tatlong buwan nang buntis noon si Beth.

Wala kaming mapagsidlan ng tuwa nang sabihin ng doktor na malusog ang sanggol na nasa sinapupunan ni Beth. Buti na lang hindi ka naninigarilyo, sabi ng obygyne. Hindi kami nagmintis ng check-up. Hindi niya nakakalimutang uminom ng vitamins araw-araw. Kailangan na malakas ang sanggol sa paglabas sa sinapupunan at pagpasok sa mundo. Sinasamahan kong maglakad si Beth sa madaling-araw para mag-

exercise. Sa kanyang kabuwanan, kinailangan na naming maghanda para sa nalalapit na pagiging magulang.

Hinalikan ko ang tiyan ni Beth saka ako tuluyang tumayo. Sinuot ko ang polo na nakasabit sa likod ng pintuan. Kinuha ko ang aking backpack at tiningnan muli ang ngipin sa salamin. Bahagyang wala na ang kirot nito. Ganun naman ang mga sakit, marunong magpahinga. Saka na lang ulit ito bubulaga kapag malala na, kapag huli na ang lahat.

"'Yung panyo mo, baka makalimutan mo," paalala ni Beth. "Isabay mo na sa paglabas 'yung basura. Biyernes ngayon, mahirap nang maipon 'yan. Alam mo namang hindi dumadaan ang trak tuwing Sabado at Linggo," paalala ni Beth.

Itinali ko ang dalawang plastic ng basurang naipon namin sa loob ng limang araw; isa para sa biodegradable at isa pa para naman sa mga plastik at papel.

Sinusunod namin ni Beth ang regulasyon ng subdivision na magsegregate ng basura. Hinihiwalay namin ang nabubulok sa di nabubulok. Yung mga pwedeng i-recycle tulad ng dyaryo at bote, binebenta namin sa mga nangangalakal. Kinse pesos ang isang dangkal ng dyaryo na dinadaya pa ng bumibili. Para siyang madyikero na kayang pahabain ang daliri kapag dinadangkal ang patong-patong na dyaryo. Dalawang piso naman ang palit sa kada basyo ng bote.

Matagumpay kami sa pagsegregate ng basura pero nawawalan ito ng bisa dahil pasaway ang karamihan ng mga nakatira sa subdivision. Naturingan mga propesyunal, hindi makasunod sa simpleng instruksyon. Kung batayan ng pagiging mabuting miyembro ng komunidad ang pagsunod sa segregation scheme, tiyak maraming babagsak. Pesimistiko na rin siguro ang karamihan sa pagsagip ng kalikasan, na alam

nilang walang naitutulong ang segregation at baka nga mas nagpapalala pa ito ng problema.

Pagdating ko sa basurahan, nilalantakan na ng mga pusang gala ang mga tirang pagkain. Butas-butas na ang mga plastic na iniwan sa tabi ng mga container. Nakikisalo ang mga dagang halos sinlaki ng pusa kaya napagkamalan nilang kauri ang mga ito. Hindi nag-abala ang ibang taga-subdivision na ilagay sa loob ng container ang basura. Nakabuyangyang ang mga ito at nanduduro sa ilong ang masangsang na amoy. Nagliliparan ang mga bangaw sa mga bulok na prutas na hindi na nakuhang kainin. Sa isang gilid, tatlong bata ang kumakalkal sa mga nakabukas na container.

Nakapuwesto ang basurahan malapit sa pader na humahati sa teritoryo ng mga home owners at iskwater na nagtirik ng mga bahay sa bakanteng lote sa kabila ng pader. May ilan na rin sa kanila ang nagreklamo dahil sa basurahan. Nakiusap sila kung pwede itong ilipat ng ibang lugar. Sinagot sila ng aroganteng may-ari ng subdivision na wala silang karapatang magreklamo kung ayaw nilang mapaalis. Para sa namamahala sa koleksyon ng basura, madaling makahanap ng lugar na pwedeng tambakan ng basura; kung saan may mahihirap, doon magtambak. Ang pader ang nagpapaalala sa mga iskwater na may mga teritoryong sadya nang inilaan para sa iba. Wala nang hayag na nagreklamo dahil ginawa ito nang palihim. Ilang beses na rin tinamaan ng bato ang aming bubong sa kalagitnaan ng pagtulog sa gabi.

Hinigpitan ko ang tali ng bitbit kong basura at inihagis sa nagkukumpulang pusa at daga. Nagpulasan silang parang mga baliw. Nawindang sa ere ang mga bangaw. May mga pusang nagbato sa akin nang matalas na tingin, sabay ngisi para ipakita ang kanilang pangil. Hayok sa pagkain ang kanilang gutom at buto’t balat na katawan. Kulang na

lang na murahin ako ng mga dagang sumiksik sa ilalim ng mga plastik dahil sa pagkabigla. Pinuntahan ng tatlong bata ang itinapon kong basura.

"Kuya may kalakal ka?" tanong nila sa akin.

Umiling ako sabay talikod at lumakad palayo. Kalakal ang tawag nila sa basura ng mga taga-subdivision. Kabuhayan para sa kanila ang aming tinatapon, napaglumaan, nasira at tira-tira. Ang labis ng mga taga-subdivision ang kulang sa mga nasa kabilang pader. Subalit ang totoo, sa kanila kami umaasa para gawin ang mga bagay na hindi namin magampanan.

Sila ang mga nagde-deliver ng gas, sila ang nagdadala ng mga mineral water, ang mga tagaigib kapag walang tubig. Sila ang mga tubero, delivery boy ng mga fastfood chain at electrician. Sila ang tagalako ng mga gulay, prutas at merienda. Sila ang mga nagsisilbing labandera ng mga pamilyang kulang ang panahon sa paglaba ng sariling damit. Sila ang tagalampaso ng maruming sahig.

Sa patuloy na paglakad, nakasalubong ko si Doktora Lim. Karga niya si Nicole.

"O Dave, ang aga yata natin ngayon."

"May presscon akong pupuntahan doc e."

Ibinaling ko ang aking tingin kay Nicole.

"Hi Nicole, good morning," bati ko sa bata.

Pilit na ngumiti si Nicole. Gusto niyang magsalita para batiin din ako pero hindi niya kaya. Nauunawaan ako ni Nicole pero hirap ang kanyang katawan na sumunod sa nais ipagawa ng kanyang utak. Maganda ang kanyang mukha kung hindi lang ito sinira ng sakit na kumapit sa kanya noong siya'y nasa sinapupunan pa. Hinahanap nang tirik at umiikot niyang mga mata ang mundong magsisilbi sanang palaruan ng kanyang

kamusmusan. Pinatanda ang mukha ni Nicole ng karamdaman, hindi tulad ng tatlong batang nangangalkal ng basura na pinatanda ng kahirapan.

“Kamusta si Beth?”

“Okay naman po doc.”

“Willing akong maging doctor ng baby n’yo at hindi ako magca-charge ng doctor’s fee.”

“Talaga po? Salamat doc.”

“Kailan ang due date niya?”

“Next week na po.”

“Pero sinabi din naman ng doctor ninyo na posibleng mapaaga?”

“Opo, kaya nakaready na yung mga gamit namin just in case manganak bigla si Beth.”

“That’s nice to hear,” sabi ni doktora Lim sabay ngiti.

Bumili kami ng mga damit at gamit pambata; lampin, tsupon, lalagyanan ng gatas, panghigop ng sipon, pajamas, maliliit na unan at pranela. Pumili kami ng sabon para sa bagong silang na sanggol at nag-istak ng diaper. Bilin ni nanay na huwag kalimutang bumili ng mansanilya na pangontra sa kabag. Isinalansan namin ang lahat ng ito sa isang malaking bag para madaling bitbitin.

Pinintahan namin ni Beth ng mga bulaklak at halaman ang kuwartong dati-rati’y tambakan lang ng mga sira at walang silbing gamit. Naglagay kami ng mga letra at numero sa dingding. Nilinis namin ito nang maigi hanggang sa magmukha itong makulay na hardin. Tinanggal namin ang mga agiw sa kisame at tiniyak na walang

alikabok na nagtatago sa mga sulok at gilid ng kuwarto. Handa na ang lahat. Kulang na lang ang sanggol na magbibigay-katuturan sa silid na dati-rati'y hindi ginagamit.

"Sige doc, mauna na po ako," nginitian ko si Nicole na pilit itinutok ang tingin sa akin. Sa patuloy na paglakad, naisip ko ang kontradiksyong kinasangkutan ni Doktora Lim; mahusay siyang pediatrician subalit hindi niya kayang bigyang-lunas ang sakit ng sariling anak.

Naka-iskedyul akong dumalo sa isang press conference sa Max's sa Quezon City Circle para pag-usapan ang napabalitang muling pagbukas sa Bataan Nuclear Power Plant. Ako ang ipinadala ng opisina para maging representative ng pinapasukan kong non-government organization. Pasundot-sundot ang kirot ng ngipin ko habang sakay ng dyip. Inaliw ko na lang ang sarili sa pagmasid sa labas habang binabagtas ang highway.

Maraming nagbago sa paligid na hindi namamalayan ng mga tao. Sa kahabaan ng Commonwealth Avenue, mabilis na naitayo ang techo hub ng mga Ayala. Parang kabuteng nagsulputan ang mga low-rise building na nilagyan ng hardin ang tuktok. Isa na ngayong techo park ang dating mapuno at talahibang Arboretum. Nagtanim ng halaman na nagsilbi na ring bakod sa harapan nito at pinalitan ng palm tree ang dating mga puno ng akasya at ipil-ipil. Isa akong enviromentalist sa panahong pinepeke ang kalikasan.

Mabilis na lumuwang ang highway ng magkabilaang kalsada. Parang ipinaghihiyawan nito ang nakamit na kaunlaran ng dating walang silbing lupa. Noon, two lane lang ito. Ngayon, anim na at mukhang balak pang dagdagan. Pero kung kailan ito lumuwang, saka dumalas ang mga aksidente. Sikat ito bilang killer highway. Ilang

beses na rin akong nakakita ng banggaan at nasagasaan.  Habang pinapalawak ng kalsada ang kanyang teritoryo, mas lumiliit ang mundo ng karaniwang tao.

Bumaba  ako sa footbridge ng Quezon City Circle at umakyat  sa overpass. Dito, tanaw ko ang habulan at harurot ng mga sasakyan.  Yung iba, nalulula kapag tumatanaw mula sa itaas. ‘Yung pakiramdam na nahihilo at parang mahuhulog  na gustong tumalon. Ako naman, nalulula sa tayog ng mga building kapag nasa ibaba.  Para nila akong lalamunin,  para akong babagsakan.  Kaya tuwing maglalakad ako sa overpass at titingin sa ibaba, pakiramdam ko’y makapangyarihan ako.

Pumasok ako gate ng circle at dumaan sa playground. Dahil maaga pa, hindi mga batang naglalaro ang makikita dito,  kundi ang lampungan ng mga magkasintahan na inabutan na ng bukangliwayway sa kalsada. Ilang lakad pa, narating ko ang Max’s. Naroon na ang midya at hinihintay na lamang  ang guest speaker.  Nagregister ako ng pangalan at organisasyon.  Binigyan ako ng kit na naglalaman ng  mga  babasahin at updates tungkol sa muling pagbukas ng planta..

“Dave, buti nakapunta ka!”

Niyakap ako ni Lisa. Hindi ko alam kung paano ako magre-react.    Isa siya sa organizer ng  presscon. May  nakaraan kami ni Lisa.  Naging kami noong pumutok ang bulkang Mayon. Galing kami sa isang student organization na pumunta sa Bikol para saksihan ang pagputok ng bulkan.  Hindi ko alam kung alam ‘yun ni Beth.  Magkakilala sila dahil pareho silang galing ng Miriam High School.  Maliit ang mundo ng mga environmentalist.  Lumalawak lang ito kapag nakakahalubilo namin ang mga scientist. Umabot din sa tatlong taon ang aming relasyon at tuwing nagkikita kami, lagi kong

iniisip ang iba't ibang posibilidad na maaaring mangyari sakaling kami ang nagkatuluyan.

"Kailan manganganak si Beth?"

"Expected due date niya next week, September twenty one. Pero pwede din daw mas earlier."

"Ayos ah, historical pa ang date."

"Historical? Bakit?"

"Ano ka ba? Declaration ng martial law."

"Sabi ng iba, ang totoong date daw ng declaration e September twenty, hindi twenty one."

"Talaga? So… ano, excited?"

"Sa martial law?"

"Sira, sa baby."

"Okay na rin."

"Anong okay na rin?"

"Ang ibig kong sabihin, okay na rin na maging tatay."

"E ang maging asawa?"

"Kinakaya. Actually wala namang bago. Papeles lang ang nadagdag."

"Walang bago kapag ikinasal?"

"Wala. Mas praktikal lang siguro."

"For practical reasons ang tingin mo sa kasal?"

"Bakit, may iba pa bang dahilan?"

Napangiti lang si Lisa. Nahalata kaya niya ang paglalandi ko? Nagtimpla ako ng kape sabay higop. Perfect ang sex life namin nu'n. Wala kaming ibang pinag-uusapan kundi mga rock formations at mga kuwebang gusto naming pasukin. Minsan na namin itong ginawa sa Sagada kung saan muntik na akong mahulog at mamatay. Buti na lang nahawakan agad ni Lisa ang kamay ko.

Nahiya ako nu'n. Para akong kinapon. Paborito kasing ikuwento ni Lisa ang ginawa niyang pagsagip sa akin. Napipikon ako sa reaksyon ng mga tao. Naiinsulto ako kahit pabiro pa ang pagtawa nila. Kaya ko iniwan si Lisa. Sasabihin ko ang usual line ng pakikipag-break-up: It's not you, it's me. Na-depress si Lisa pero ilang buwan lang ang lumipas, nabalitaan ko na naging boyfriend niya ang tour guide na sumama sa amin sa Sagada. Pero hindi rin sila nagtagal.

Kung papipiliin ako ngayon between Beth and Lisa, tingin ko mas matimbang pa rin si Lisa. Bagaman walang sigla ang buhay kapag walang kulay na inaalok naman ni Beth. Sa lahat ng ito, inisip ko na sana, wala na lang sa diksyunaryo ang salitang pakikiapid, at para sa sarili lang at hindi para sa iba ang pagiging tapat.

Hinatak ni Lisa ang kamay ko. Muntikan nang matapon ang kape sa hawak kong tasa. Sinundan ko si Lisa sa paglakad. Hinila niya ang isang upuan at inalok ako na umupo. Mag-uusap pa sana kami pero biglang dumating ang speaker ng presscon. Iniwan niya akong kasama ang ibang representative ng mga imbitadong organisasyon at media. Nginitian ko at binati ang ilang pamilyar na mukha at pangalan. Ilang saglit lang, nagsalita si Lisa para kunin ang atensyon ng mga tao. Gamit niya ang mikropono na paminsan-minsang nagfe-feedback at nawawalan ng boses.

“Goodmorning ladies and gentlemen.  Maraming salamat sa pagpunta ninyo sa press conference na ito.  Ako si Lisa Estrella mula sa Scientists for National Development,” pagpapakilala ni Lisa.

Nag-upuan ang mga tao at nakinig.  Nagpatuloy si Lisa sa pagsasalita.

“Nandito po tayo ngayon para i-convene ang isang alyansa na tututok sa usapin ng muling pagbubukas ng Bataan Nuclear Power Plant.  Batid natin noong 1980’s binalak itong buksan at ngayon po’y may inihaing bill sa kongreso upang ituloy ang naudlot nitong pagpapatakbo.”  Hindi ko alam kung bakit ako napapalakpak. Nagtinginan sa akin ang mga tao. Muling nagsalita si Lisa.

“Nasa-second reading na ang bill at kung hindi natin ito tututulan, natitiyak ang pagpasa sa batas na ito,” update ni Lisa.  “And so,  we have here our guest speaker, Dr. Daniel Ramos, a geologist from the National Institute of Geological Sciences to explain to us the history of the Bataan Nuclear Power Plant and to tell us the risks involved in reviving the structure.”

Nagpalakpakan ang mga tao. Nagsalita si Dr. Ramos.  Gusto ko sanang magsulat ng notes pero hindi ako makapag-focus.  Nagising ang kirot sa  ngipin dahil sa pag-inom ko ng kape.

Ipinakita ni Dr. Ramos ang delikadong sitwasyon kapag binuksan ang nuclear plant.  Active volcano ang Mt. Natib kung saan nakatayo ang planta.  May active faultline din dito kaya malaki ang posibilidad na magkaroon ito ng leak  kapag lumindol. Problema din ang paraan ng pagtapon ng mga nuclear waste na magmumula dito. Lohikal at simple ang kanyang argumento: kung ang problema sa basura hindi natin masolusyunan, paano pa kaya ang toxic waste?  Malupit ang disgrasyang hatid ng nuclear

plant, sabi niya.  Gusto ba natin maging pangalawang Chernobyl?, tanong niya sa bawat isa sa amin.

"Ano daw?" tanong naman ng katabi kong reporter sa isang tabloid.

"Chernobyl," ulit ko.

"Paano ang spelling nu'n?"

Kinuha ko ang hawak niyang ballpen at sinulat ang salita sa papel.

"Okey lang magtayo ng nuclear power plant sa Pilipinas,  para pagsumabog, tunaw na tayong lahat,"  banggit ng katabi ko sabay tawa.

Nagpakita ng mga larawan ang speaker.

Humalo ang lason sa hangin, sa tubig at maging sa lupa. Bukod sa mga pisikal na depormasyon na nangyayari sa katawan ng mga bagong silang na sanggol, naapektuhan din ng lason ang kanilang utak. Ipinapanganak silang wala sa tamang  pag-iisip, mga inagawan ng kawalang-malay. May mga bukol na tumubo sa iba't ibang bahagi ng katawan ng tao.  Nalason ang kanilang mga dugo.

"Dito sa Pilipinas, kahit hindi pa binubuksan ang nuclear power plant, para na tayong nasabugan ng toxic waste," pabulong na sabi ng isang reporter.

Abala si Lisa sa pag-assist sa slide presentation ng speaker. May mga pagkakataon na nagkakasalubong ang aming tingin at mapapangiti siya sa akin.

Matapos ang presentation, sinabi ng speaker kung mayroong tanong ang mga dumalo. Kinuha ni Lisa ang mikropono at tinawag ang aking pangalan.

"Yes, Mister Dave Lapuz?"

Siyempre nagulat ako. Lalong sumakit ang ngipin ko?

"Yes?" pakli ko.

"Do you have a question for Dr. Ramos?"

"Ah, yes, ofcourse," salo ko kaagad para hindi matuloy ang nakaambang kahihiyan.

Bago pa ako makapagsalita, naramdaman namin ang pagyanig ng lupa.

Lumilindol.

Gumalaw at tumunog ang mga plato at baso sa ibabaw ng mga mesa. Nag-umpugan ang mga kutsara't tinidor. Yumugyog at nagpatay-sindi ang mga nakasabit na ilaw sa kisame. Napasigaw ako nang malakas, putang ina don't panic! Tumigil ang lahat at tahimik na tumingin sa akin. Pinakiramdaman namin ang paglapat ng aming mga paa sa sahig. Halos twenty seconds din ang tinagal ng pagyanig bago ito tuluyang nawala. Naging abala ang mga tao sa pagtext at pagsagot sa kani-kaniyang teleponong tumutunog. Nagvibrate ang aking telepono. Nasa kabilang linya si Beth.

"Manganganak na ako Dave. Pupunta na ako sa Malvar, sumunod ka na lang," sabi ni Beth. Pinutol niya ang linya kahit hindi pa ako nakakasagot.

Nagpaalam ako kay Lisa. Sinabi ko ang kondisyon ni Beth. Masaya niya akong niyakap at hinalikan sa pisngi. Ninang ako ha, sabi niya. Pinilit kong ngumiti sa kabila nang kumikirot na ngipin. Tahimik subalit mabilis akong lumabas ng Max's at tumuloy sa gate ng circle. Pinara ko ang isang taxi at agad na sumakay.

"San tayo sir?"

"Sa Malvar hospital, pakibilisan," utos ko sa drayber.

Pinaharurot ng drayber ang taxi.

"Naramdaman n'yo sir 'yung lindol?"

"Oo," matipid kong sagot.

Inayos ng drayber ang kanyang rearview mirror at sinilip ako. Nakita niyang pisil-pisil ko ang aking kanang pisngi.

"Masakit ngipin n'yo sir?"

Hindi pa ako nakakasagot, biglang nagpreno ang taxi. Isang taxi rin ang muntikan na naming makabanggaan. Tumilapon ako sa harap ng sasakyan. Mahilo-hilo ako sa pagkasubsob. Sa bilis ng pangyayari, hindi ko agad namalayan na tumalsik ang bulok kong ngipin. Dumugo ang aking bibig. Agad kong kinuha at ipinunas ang panyo na pinaalala ni Beth. Binuksan ko ang bintana. Patuloy ang sigawan ng dalawang drayber. Pinulot ko ang ngiping bulok na nahulog sa upuan at itinapon ito sa highway habang nagmumurahan ang busina ng mga naabalang sasakyan.